
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 10:
## Pangngalang Palansak o Lansakan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_MTB2_Module 10

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 10: Pangngalang Palansak o Lansakan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marlyn O. Maghanay

**Editor:** Elena V. Almario, Nerissa D. De Jesus, Marie Ann C. Ligsay

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

**Tagaguhit:** Lynzee Monta

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon, Edeliza T. Manalaysay

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong
Librada M. Rubio
Ma. Editha R. Caparas
Nestor P. Nuesca
Merlinda T. Tablan
Ellen C. Macaraeg
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ______________________________

**Kagarawan ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 10:
## Pangngalang Palansak o Lansakan

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.






## Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makatutukoy at makagagamit ng pangngalang palansak o lansakan. MT2GA-Id-2.1.3



## Subukin

<u>Panuto</u>: Tingnan ang mga larawan sa Hanay A. Piliin sa Hanay B ang wastong grupo ng pangngalan na angkop sa larawan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| ____1.  | A. bungkos |
| ____2.  | B. buwig |
| ____3.  | C. mag-anak |
| ____4.  | D. pangkat |
| ____5.  | E. tumpok |

| Aralin 1 | Pangngalang Palansak o Lansakan |
|---|---|

Ang pangngalang lansakan ay tumutukoy sa katawagan sa maramihan ngunit di-tiyak na bilang ng mga tao, bagay o hayop. Karaniwan itong ginagamit sa pang-araw-araw nating pamumuhay.

## *Balikan*

Panuto: Tukuyin kung ang nakasalungguhit na salita sa bawat pangungusap ay ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Makulay at masaya ang gayak ng plasa.
2. Matatapang ang ating mga bayani.
3. Ang alahas ni Erma ay nawawala.
4. Dumalo sa pagtitipon ang mga matatanda.
5. Natuklaw ng ahas ang bata sa bukid.

## Tuklasin

<u>Panuto</u>: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

### Ang Magkaibigan

Marlyn O. Maghanay

Isang araw, ang kaibigan ni Lina na si Ana ay naglilinis ng kanilang bahay dahil darating sa susunod na araw ang <u>angkan</u> ng kaniyang magulang. Ang mga ito ay bibisita at mamamasyal sa kanilang lugar. Nagpatulong si Ana kay Lina. Inutusan niya si Lina na pumunta sa palengke at ipinadala ang isang maliit na papel kung saan nakasulat ang kaniyang mga bibilhin.

Nasa palengke na si Lina. Tiningnan niya ang listahan, <u>isang buwig ng saging</u>, <u>isang supot ng mansanas</u>, <u>isang tumpok ng ubas</u> at sa hulihan ay nakasulat, "Pagkasyahin mo ang halagang tatlong daang piso para sa prutas."

Napangiti na lang si Lina dahil detalyado ang bilin ng kaniyang kaibigan sa nakasulat dahil alam niyang marunong magbadyet ang kanyang kaibigan. Naisip niyang tinuturuan na din siya kung paano magbadyet sa perang ibinigay sa kanya na pambili ng prutas.

## Suriin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Sino ang darating na bisita nila Ana?
3. Saan inutusan ni Ana si Lina?
4. Ano-ano ang mga napamili ni Lina?
5. Ano-anong mga salita sa kuwento ang tumutukoy sa maramihang bilang ng pangngalan?

May mga salitang tumutukoy sa dami o bilang na pinagsama-sama ngunit ang bilang ay walang katiyakan tinatawag nating **pangngalan lansakan.**

Halimbawa:

buwig ng saging


supot ng mansanas

tumpok ng ubas

angkan nila Ana

***Mga Tala para sa Guro***

Basahin nang malakas ang mga kuwento at sitwasyon sa mga susunod na Gawain. Ipagawa ang mga pagsasanay sa mag-aaral.




# *Pagyamanin*

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang palansak na pangngalan sa pangungusap.

1. Bumili ako ng ____________ ng saging.
   A. buwig B. klase C. lahi

2. Mura ngayon ang _________ ng asukal.
   A. grupo B. kilo C. pangkat

3. Ang _________ na ito ay talagang magagaling.
   A. grupo B. kumpol C. tiklis

4. May napili ng _________ na lalaban sa paligsahan sa ibang paaralan.
   A. batalyon B. hukbo C. klase

5. Mahal ang ____________ ng bigas sa palengke.
   A. buwig B. kaban C. pangkat

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang **P** kung palansak ang pangngalan at **DP** kung di-palansak ang pangngalan.

______1. hukbo ng sundalo

______2. sampung atleta

______3. grupo ng mananayaw

______4. dose-dosenang bulaklak

______5. kaban ng bigas

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin ang pangngalang palansak na ginamit sa pangungusap.

1. Tiklis-tiklis na mangga ang naani nila sa kanilang manggahan.
2. Nagpadala ang Pangulo ng batalyon ng sundalo sa Maguindanao.
3. Sina Kris ay nabibilang sa lahing matatalino.
4. Ang pangkat ng mga manggagawa ay masisipag.
5. Kahon-kahong tsokolate ang ipinadala ng aking kapatid galing sa ibang bansa.

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin sa Hanay B ang angkop na pangngalang palansak upang mabuo ang parirala sa Hanay A.

| A | B |
|---|---|
| 1. _______ng mga sundalo | A. batalyon |
| 2. _______na bunga | B. dosena |
| 3. _______ng mga ifugao | C. kahon |
| 4. _______ ng itlog | D. kumpol |
| 5. _______ ng mga sabon | E. tribo |

## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Basahin ang pangungusap at piliin sa loob ng kahon ang wastong pangngalang palansak. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| banda | kaban | klase |
| pangkat | tumpok | |

1. Binigyan ng ________ bigas ang pamilya ni Romar dahil ang kanyang magulang ay may sakit.

2. Ang __________ ng mga estudyante ay namasyal sa Museong Pambata.

3. Ang ___________ ng mga mananayaw ang kasali sa paligsahan.
4. Magkano ang __________ ng kamatis.
5. Ang ________ ng musiko ay nagpakitang gilas.

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang ginamit na pangngalang palansak ay wasto at **Mali** naman kung hindi.

1. Ang **pangkat** ng mga tao ay susugod dito.
2. Ang **lahi** nina G. Cruz ay sakitin.
3. Bumili ng **buwig** na bayabas si Carlo.
4. Ipapadala ang **klase** ng atleta sa ibang bansa.
5. Mabibili sa palengke ang mga **tumpok** ng sili.

## Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang wastong pangngalang palansak.

1. Ang _________ ng mag-aaral ay lumahok sa Paligsahan sa Pagguhit.
2. Naglaga ang nanay ng _______ ng talbos ng kamote.
3. Ang _______ ng mga guro ay magpupulong sa opisina ng punong-guro.

4. May napili ng _______ na pupunta sa ibang lugar upang maging iskolar.

5. Mura lamang ang _______ ng asin.

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Bumuo ng isang maikling talata na may tatlo o apat na pangngalang palansak tungkol sa paboritong prutas. Salungguhitan ang pangngalang palansak na ginamit dito.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________



## *Isaisip*

Ang **Pangngalang Palansak o Lansakan** ay nangangahulugan ng dami o bilang na pinagsama-sama ngunit ang bilang ay walang katiyakan.

Halimbawa: grupo, pangkat, dosena, buwig, kaban, komite, organisasyon



# *Isagawa*

<u>Panuto:</u> Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na pangngalang palansak. Isulat sa iyong sagutang papel.

1. lahi - ________________________________________
2. kawan - _____________________________________
3. batalyon - ___________________________________
4. bungkos - ____________________________________
5. pangkat - ____________________________________



# *Tayahin*

<u>Panuto:</u> Basahin ang pangungusap. Isulat ang **tama** kung wasto ang gamit ng pangngalang palansak o lansakan sa pangungusap. Isulat ang tamang pangngalang palansak o lansakan kung ito ay mali.

______1. Ang **tribo** ng mga Igorot ang kasunod na bibigyan ng pabahay ng pamahalaan.

______2. Binato ni Jayson ang **grupo** ng mga bunga ng sampalok kaya ito nalaglag sa lupa.

______3. Ang **pamilya** ni Gary ay mabubuting tao.

______4. **Batalyon** ko ang lalahok sa Math kompetisyon.

______5. Ilang **tiklis** ng mangga ang naani mula sa kanilang manggahan.

## *Karagdagang Gawain*

<u>Panuto:</u> Bilugan ang pangngalang palansak na ginamit sa pangungusap.

1. Kakaunti ang tumpok ng hipon.
2. Nakita ko ang kawan ng isda na lumalangoy sa ilalim ng aming bangka.
3. Nagbigay ng kumpol ng mga bulaklak si tatay kay nanay.
4. Masarap pitasin ang kumpol ng santol.
5. Ang angkan ni Mang Ador ay namasyal sa Mt. Samat

# Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| Subukin<br>1. E<br>2. A<br>3. C<br>4. B<br>1. D | Balikan<br>1. Lugar<br>2. Tao<br>3. Bagay<br>4. Pangyayari<br>5. Lugar | Suriin<br>1. Si Lina at Ana<br>2. Angkan ng magulang ni Ana<br>3. Sa palengke<br>4. Saging, mansanas, ubas,<br>5. Angkan, buwig, supot, tumpok | |
| Pagyamanin | | | |
| Pinatnubayang Pagsasanay 1<br>1. A<br>2. B<br>3. A<br>4. C<br>5. B | Pinatnubayang Pagtatasa 1<br>1. P<br>2. DP<br>3. P<br>4. P<br>5. P | Pinatnubayang Pagsasanay 2<br>1. tiklis-tiklis<br>2. batalyon<br>3. lahi<br>4. pangkat<br>5. kahon-kahon | Pinatnubayang Pagtatasa 2<br>1. A<br>2. D<br>3. E<br>4. B<br>5. C |
| Malayang Pagsasanay 1<br>1.kaban<br>2. klase<br>3. pangkat<br>4. tumpok<br>5. banda | Malayang Pagtatasa 1<br>1.Tama<br>2. Tama<br>3. Mali<br>4. Mali<br>5. Tama | Malayang Pagsasana y 2<br>1. pangkat/grupo<br>2. bungkos<br>3. grupo<br>4. pangkat<br>5. supot/kilo/tabo | Malayang Pagtatasa 2<br>(Pakinggan ang sagot ng mga mag-aaral) |
| Isagawa<br>(Suriin mga ang sagot ng mag-aaral sa binuong pangungusap.)<br>1. | Tayahin<br>1. Tama<br>2. kumpol<br>3. Tama<br>4. Grupo<br>Tama | Karagdagang Gawain<br>1. tumpok<br>2. kawan<br>3. kumpol<br>4. kumpol<br>5. angkan | |

# *Sanggunian*


Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

https://samutsamot.files.wordpress.com/2014/07/mga-pangngalang-palansak.pdf

http://spireuplearning.blogspot.com/2017/06/pangngalang-tahas-palansak-at-basal.html

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *